# FIRST STEPS

***Mga unang hakbang sa buhay ng isang tagasunod ni Cristo***

*Sapagkat tinanggap na ninyo si Cristo Jesus bilang Panginoon,*
*mamuhay kayo sa paraang karapat-dapat sa kanya.*
*Magpakatatag kayo at patuloy na lumago sa pagkakilala sa kanya.*
*Magpakatibay kayo sa pananampalatayang itinuro sa inyo,*
*at lagi kayong magpasalamat sa Diyos.*
Colosas 1:6-7 (MBB)

Teacher's Notes

# FIRST STEPS

*Balangkas ng Pag-aaral*

*Layunin ng pag-aaral:* Upang matutunan ang ilan sa mga pangunahing bagay na dapat malaman ng isang Cristiano upang makapamuhay bilang tagasunod ni Cristo.


Aralin 1: **KALIGTASANG GAWA NG DIYOS** (p. 2)
*Paano tayo nagkaroon ng kaligtasan? Gaano kalaki ang ginawa ng Diyos para sa atin? Ano ang naiambag natin sa ating kaligtasan?*

Aralin 2: **PAMUMUHAY AYON SA NAIS NG DIYOS** (p. 7)
*Paano tayo mamumuhay sa paraang nakalulugod sa Diyos? Ano ang dapat nating gawin laban sa kasalanang nananahan pa rin sa atin?*

Aralin 3: **PAKIKINIG SA DIYOS** (p. 11)
*Paano tayo kinakausap ng Diyos? Ano ang layunin at pakinabang ng Bibliya sa buhay ng isang tagasunod ni Cristo? Paano tayo makikinig sa Diyos?*

Aralin 4: **PAKIKIPAG-USAP SA DIYOS** (p. 14)
*Ano ang panalangin? Bakit dapat manalangin? Ano ang mga bagay na dapat ipanalangin? Paano lumapit sa Diyos sa panalangin?*

Aralin 5: **KAUGNAYAN SA PAMILYA NG DIYOS** (p. 17)
*Ano ang iglesia? Anu-ano ang mga katangian ng isang lokal na iglesia? Bakit mahalaga para sa mga Cristiano ang pakikiisa at pakikibahagi (commitment) sa isang iglesia?*

Aralin 6: **KAUGNAYAN SA SANLIBUTAN** (p. 20)
*Ano ang kaugnayan ng mga Cristiano sa mundong ginagalawan natin? Paano tayo mamumuhay sa harapan ng mga hindi pa nakakakilala kay Cristo? Paano natin ibabahagi ang Mabuting Balita (Gospel) sa iba?*

Aralin 7: **PAMUMUHAY NA PUNO NG PAG-ASA** (p. 23)
*Ano ang pag-asa ng isang Cristiano? Ano ang batayan ng pag-asang ito? Ano ang hinaharap na nakalaan sa isang Cristiano? Ano ang epekto nito sa pamumuhay natin ngayon?*


***Ang pag-aaral na ito ay hango sa seminar materials para sa *Jump Start* ng Capitol Hill Baptist Church (www.capitolhillbaptist.org) sa Washington, D.C.***

Aralin 1

# KALIGTASANG GAWA NG DIYOS

### Introduction to "First Steps"

- **Tanong**: *Anu-ano ang mga unang bagay na itinuro sa iyo ng mga magulang mo noong bata ka pa? Ano sa tingin mo ang magiging epekto sa iyo kung noong bata ka ay hindi mo natutunan ang mga ito?* [Hintayin ang sagot.]
- Tayong mga Cristiano ay mayroong malaking pagkatawag na mamuhay hindi tulad ng ibang tao kundi tulad ni Cristo. Bago natin marating iyon ay mayroon tayong mga unang hakbang (*first steps*) na makatutulong upang tayo ay mamuhay nang may katapatan bilang mga tagasunod ni Cristo.
- (Ipabasa) *Layunin ng pag-aaral*: Upang matutunan ang ilan sa mga pangunahing bagay na dapat malaman ng isang Cristiano upang makapamuhay bilang tagasunod ni Cristo. (Ang mga may guhit ay nakasulat sa kanilang Student Notes)
- Upang matamo ang layuning ito, sasagutin natin ang *pangunahing tanong* na: Paano ako mamumuhay bilang isang Cristiano o tagasunod ni Cristo? Para sa ilan pang mga tanong na kaugnay nito, tingnan ang outline sa kabilang pahina.

### Panimula

- *Bakit kailangang simulan ang* First Steps *sa aralin tungkol sa "Kaligtasang Gawa ng Diyos"?* Pundasyon ito upang mas maunawaan natin ang buhay Cristiano at mayroon itong mahahalagang implikasyon kung paano tayo mamumuhay bilang mga Cristiano at paano natin titingnan ang sanlibutan. Nagbibigay din ito ng tamang mga motivations at kumpiyansa sa pamumuhay natin bilang mga tagasunod ni Cristo.
- Kung ikaw ay Cristiano na, naunawaan mong ikaw ay makasalanan, ang Diyos ay banal, at tinanggap mo ang ginawa ni Cristo para sa iyong mga kasalanan. Nakita mong gawa ito ng Diyos, biyaya ng Diyos. Sa pag-aaral na ito, titingnan natin ang laki ng ginawa ng Diyos at gagawin pa ng Diyos para sa atin. [Banggitin ang outline ng araling ito.]

### 1. Ang Masamang Balita at Ang Mabuting Balita

- **Tanong:** *Ayon sa Efeso 2:1-3, ano ang kalagayan natin noong tayo'y hiwalay pa kay Cristo?* [Ipabasa at ipasulat ang sagot sa kanilang notes.]
- (1) Patay dahil sa pagsuway; (2) sumusunod sa masamang takbo ng mundo at sa prinsipyong ayaw pasakop sa Diyos; (3) sinusunod ang makasalanang pagnanasa; (4) tagatanggap ng matinding galit ng Diyos.

- **Tanong:** *<u>Ayon sa Tito 3:3, ano ang kalagayan natin bago tayo maging Cristiano?</u>* [Ipabasa at ipasulat ang sagot sa notes.]
- (1) mga hangal at hindi sumusunod sa Diyos; (2) naliligaw o nalilinlang; (3) naging alipin ng kasalanan; (4) may masamang kaisipan; (5) may alitan at galit sa ibang tao.
- Sa mga nabasang talata, pansinin natin ang dalawang pagsasalarawan sa atin noong tayo'y hiwalay kay Cristo:
    1) **Alipin ng kasalanan** (Tito 3:3). Ayon sa Roma 6, lahat ng tao ay alipin - maaaring alipin ng kasalanan o ng katuwiran. Sabi ni John Piper sa isang sermon, "Lahat tayo'y minsang naging alipin ng kasalanan. Hindi lang ilan sa atin. Lahat sa atin…Simula't simula pa'y alipin na tayo ng kasalanan. Ang kasalanan ang panginoon, hindi tayo. Ang mga kalooban natin ay nakatali sa pang-akit ng kasalanan. Dahil sa kabaluktutan ng ating mga kaisipan nakikita natin ang kasalanan na mas kaakit-kaakit kaysa sa katuwiran." Tulad ng isang alipin na sunud-sunuran lang sa kanyang panginoon, ganyan tayo sa ating makasalanang pagkatao.
    2) **Patay** (o bangkay) (Efeso 2:1). Ito ang ibig sabihin ng pagiging makasalanan. Walang buhay kung hiwalay kay Cristo.
- **<u>Buod</u>**<u>: Noong tayo'y hiwalay pa kay Cristo, tayo ay: (1) Alipin ng kasalanan (Roma 6:17; Juan 8:34); (2) Bulag sa kaisipan, kaya't hindi nakikita ang liwanag ng Mabuting Balita ng kaluwalhatian ni Cristo (2 Corinto 4:4); (3) Nalinlang (o nailigaw, Tito 3:3); (4) Matigas ang puso at hindi nagpapasakop sa Diyos (Efeso 4:18; Roma 8:7); (5) Sa kaisipa'y kaaway ng Diyos (Colosas 1:21).</u>
- Ang tao na hiwalay kay Cristo ay hopeless. Dahil alipin ng kasalanan, wala tayong magagawa upang makalaya. Dahil patay, wala tayong lakas na buhayin ang sarili.
- **Tanong:** *<u>Bakit mahalagang maunawaan natin ang kalagayan natin sa kasalanan noong tayo'y hiwalay pa kay Cristo?</u>* [Ipasulat ang sagot, hintayin ang kanilang mga sagot.]
- Dahil kung mauunawaan natin ang kalagayan natin sa kasalanan, mas mauunawaan natin kung gaano kalaki ang ginawa ng Diyos nang iligtas niya tayo. Ito ang titingnan natin sa susunod na mga bahagi ng araling ito.

### 2. Kaligtasang pinasimulan ng Diyos

- *<u>Ayon sa Efeso 2:4-5 at Tito 3:4-5, sino ang nagpasimula o unang gumawa para sa iyong kaligtasan? Bilugan ang tamang sagot.</u>* <u>A. Ako; B. Ang Diyos</u>
- Ang Diyos! Ang Efeso 2:4 ay nagsisimula sa English Standard Version, *"But God…"* Sinabi ni Martyn Lloyd-Jones: "Sa dalawang salitang ito makikita natin ang panimula sa mensaheng Cristiano, ang kakaiba at tiyak na mensaheng ang pananampalatayang Cristiano lang ang makapagbibigay. Sa isang banda, sa dalawang salitang ito napapaloob ang kabuuan ng

ebanghelyo. Sinasabi sa atin ng ebanghelyo kung ano ang ginawa ng Diyos, ang pakikialam ng Diyos sa buhay natin. Ang lahat ng ito ay hindi nanggaling sa atin at pinapakita nito sa atin ang kahanga-hanga at ang kamangha-manghang gawa ng Diyos."

- Ipinapaalala nito na kung hindi rin naman dahil sa ginawa ng Diyos wala ni isa man sa atin ang lalapit at hihingi ng kaligtasan kailangan natin. Ngunit hindi lang simula ang ginawa ng Diyos, siya pa rin ang gagawa hanggang makamit natin ang ganap na kaligtasan hanggang wakas.

**3. Kaligtasang ipagpapatuloy ng Diyos hanggang matapos**

- Napakadaling ipagpalagay ang kaligtasan na nakasentro sa tao: "Pinili *ko* si Cristo. Tinanggap *ko* si Cristo. Naniwala *ako* sa Diyos." Totoo naman iyan, ngunit itinuturo ng Bibliya (Efeso 2:8; Filipos 1:29) na maging ang pananampalataya natin ay regalo mula sa Diyos, nakadepende sa Diyos na babago sa puso natin.
- Hindi lamang tayo mga taong maysakit na nangangailangan ng payo ng doktor kung anong gagawin. Tayo'y mga patay! Sinong patay ang kusang lalapit sa Diyos? [Basahin ang Roma 3:10.]

<u>Dalawang pananaw tungkol sa kaligtasan (nakasulat sa notes):</u>

| *Nakasentro sa <u>tao</u>* | *Nakasentro sa <u>Diyos</u>* |
|---|---|
| ☐ Ang tao ay maysakit na nangangailangan ng tulong.<br>☐ Nakadepende sa gawa ng tao.<br>☐ Ang pananampalataya (*faith*) ay ambag ng tao sa kaligtasan.<br>☐ Ang papuri ay nahahati sa pinasimulang gawa ng Diyos at ginawang pagtugon ng tao. | ☐ Ang tao ay patay na nangangailangang buhayin.<br>☐ Nakadepende sa gawa ng Diyos.<br>☐ Ang pananampalataya ay kaloob din na galing sa Diyos.<br>☐ Ang lahat ng papuri ay nakalaan sa Diyos dahil siya ang kumilos sa kabuuan ng kaligtasan. |

- [Basahin ang quote ni J. I. Packer sa notes nila.] "One makes salvation depend on the work of God, the other on a work of man; one regards faith as part of God's gift of salvation, the other as man's own contribution to salvation; one gives all the glory of saving believers to God, the other divides the praise between God, who, so to speak, built the machinery of salvation, and man, who by believing, operated it."

- **Tanong:** *<u>Ano sa tingin mo ang magiging epekto sa iyong buhay Cristiano kung ang paniwala mo ay nakadepende ang kaligtasan (at pamumuhay Cristiano) sa gawa ng tao?</u>* [Ipasulat at hintayin ang mga sagot.]

- [Basahin ang Roma 8:29-30.] **Tanong:** <u>Ayon sa Roma 8:29-30: *Sino ang pumipili (chooses); Sino ang tumatawag (calls)?; Sino ang nagpapawalang-sala (justifies)? Sino ang nagbibigay-luwalhati (glorifies)?*</u> [Ipasulat ang sagot.]
- Walang iba kundi ang Diyos ang maygawa ng lahat ng ito para sa atin!
- Charles Spurgeon: "Naaalala ko kung paanong sa isang saglit ay natutunan ko ang doktrina ng biyaya ng Diyos. Nakaupo ako isang araw sa loob ng bahay ng Diyos at isang kaisipan ang pumasok sa aking isip, 'Paano ako bumaling upang maging Cristiano?' Nanalangin ako. Nagtaka ngayon ako, 'Ano ang nagtulak sa akin para manalangin?' Ang pagbabasa ng Kasulatan ang nagtulak sa aking manalangin. 'Ano ang nagtulak sa aking magbasa ng Kasulatan?' At pagkatapos, sa isang saglit, nakita kong ang Diyos ang nasa ilalim ng lahat ng iyon at siya ang may-akda ng aking pananampalataya."

### 4. Kaligtasang para sa karangalan ng Diyos at ayon sa Kanyang layunin

- Bago natin tingnan ang mga praktikal na tulong nito sa ating buhay Cristiano, sagutin muna natin ang tanong na, "Bakit tayo iniligtas ng Diyos?" Bago natin alamin kung anong nagtulak sa Diyos na iligtas tayo, tingnan muna natin kung ano ang malinaw na *hindi* nagtulak sa Diyos upang iligtas tayo - mabuting gawa at likas na katangian natin.
- <u>*Iniligtas tayo ng Diyos **hindi** dahil sa:*</u>
  1) <u>*Ating mabubuting gawa*</u>. [Basahin ang Tito 3:4-5.] *Hindi* ang sarili nating katuwiran ang nagtulak sa Diyos na iligtas tayo *kundi* ang kanyang pag-ibig at awa sa atin. Nakita na natin ang ating abang kalagayan noong tayo'y hiwalay kay Cristo. Iniligtas niya tayo noong tayo'y mga kaaway pa ng Diyos at rebelde sa kanya (Roma 5:8, 10) - hindi noong tayo ay nakipagkasundo na sa kanya at sumusunod na.
  2) <u>*Ating mga likas na katangian*</u>. Makikita ang katotohanang ito sa Lumang Tipan kung saan sinabi ni Yahweh na iniligtas niya ang bansang Israel *hindi* dahil sa sila ay mas marami kaysa ibang lahi kundi dahil sa kanyang pag-ibig at pangako. [Basahin ang Deuteronomio 7:7-8]. Si Abraham man ay sumasamba sa diyus-diyosan nang tawagin ng Diyos. Si Pablo ay nagpapapatay ng mga Cristiano nang tawagin.
- <u>*Iniligtas tayo ng Diyos:*</u>
  1) <u>*Upang bigyang karangalan ang Kanyang sarili*</u>. [Basahin ang 1 Pedro 2:9 ("upang magpahayag ng mga kahanga-hangang ginawa niya"); Efeso 1:4-6 ("para sa ikapupuri ng kanyang maluwalhating biyaya," *Ang Biblia*), 11-12 ("upang purihin ang kanyang kaluwalhatian," *Ang Biblia*), 13b-14 ("sa ikapupuri ng kanyang kaluwalhatian," *Ang Biblia*).] Kung mauunawaan nating ang kaligtasan ay gawa ng Diyos mula simula hanggang wakas, mag-uumapaw sa puso natin ang pagnanais na purihin siya at igawad sa

kanya ang karangalang nararapat sa kanya. Walang lugar ang pagtataas ng sarili sa kaligtasang tinanggap natin.

2) _Ayon sa Kanyang layunin_. [Basahin ang 2 Timoteo 1:9 ("ayon sa kanyang sariling layunin at biyaya," *Ang Biblia*) at Efeso 1:4-5 ("ayon sa kabutihan ng kanyang kalooban," *Ang Biblia*).] Pansinin ang salitang "sarili" (*Ang Biblia*) sa 2 Timoteo 1:9. Mas naaangat dito ang laki ng agwat ng ginawa ng Diyos at ng kaawa-awang kalagayan natin dati. Ang kaligtasang ito ay ayon sa Kanyang sariling kagustuhan.

**Bakit ito mahalaga sa buhay Cristiano?**

_Mahalagang malamang gawa ng Diyos ang kaligtasan sapagkat dulot nito ay_:

- _Kababaang-loob o pagpapakumbaba_
  - Nagdudulot ito ng kababaang-loob dahil wala na tayong maaaring maipagmalaki maliban sa ginawa ni Cristo (Galacia 6:14). John Piper: "Ang biyaya (*grace*) ay hindi lamang nangangahulugan na ang Diyos ay para sa iyo, ibig sabihin rin nito na hindi mo pinagtrabahuhan o hindi mo nararapat tanggapin ang tinanggap mo. Ito ay libre. Ito ang ibig sabihin ng biyaya." Roma 11:6 (*Ang Biblia*), "Ngunit kung ito'y sa pamamagitan ng biyaya, ito'y hindi na batay sa mga gawa; kung hindi, ang biyaya ay hindi biyaya."
- _Katiyakan ng kaligtasan_
  - May katiyakan tayo na ligtas kung titingnan natin ang ating buhay, pag-ibig sa Diyos at sa tao, at ang bunga ng Espiritu. Ngunit may mga panahong panghihinaan tayo ng kalooban o pagdudahan natin ang katiyakan ng ating kaligtasan. **Tanong:** Sa ganitong panahon paanong ang mga sumusunod na talata ay makapagbibigay sa atin ng katiyakan ng kaligtasang ibinigay sa atin ng Diyos: Efeso 1:4; 1 Tesalonica 5:23-24; Filipos 1:6; 1 Corinto 1:8; 2 Corinto 1:21-22? [Hintayin ang sagot.] Tatapusin ng Diyos ang sinimulan niya.
- _Mga gawang inuudyukan ng pag-ibig hindi ng takot o kaya'y pagmamataas_
  - [Basahin ang Efeso 2:8-10.] **Tanong:** Ano ang lugar ng mabuting gawa sa ating kaligtasan? [Hintayin ang sagot.] Hindi ito paraan upang maligtas at hindi rin ginagawa dahil sa takot na mawala ang kaligtasan. Ito ay bunga ng ating kaligtasan, patunay ng pag-ibig natin sa Diyos na nagnanais na bigyan siya ng karangalan. [Basahin ang Mateo 5:16.]

**Application:** Ibahagi ang pinakamahalagang bagay na natutunan mo ngayon. Ano ang sinasabi sa iyo ng Diyos na gawin mo bilang tugon dito?

**Assignment:**

1. Isaulo ang Efeso 2:8-10.
2. Basahin ang notes ng Aralin 2. Basahin ang mga talatang nakasulat. Sagutan ang mga tanong.

Aralin 2

# Pamumuhay ayon sa Nais ng Diyos

**Panimula**

- [Balikan kung ano ang layunin ng *First Steps.*]
- [Balikan ang Aralin 1. Tingnan din kung naisaulo ang Efeso 2:8-10.]
- Sa Aralin 1 ay tiningnan natin sa Efeso at Tito ang napakalaking bagay na ginawa ng Diyos para tayo ay maligtas. Dalawang larawan ang pinagtuunan natin ng pansin - ang pagiging alipin at patay noong tayo ay hiwalay pa kay Cristo. Ang Diyos ang may gawa ng ating kaligtasan – mula simula, at ipinagpapatuloy ngayon hanggang matapos.
- Ngunit dapat din nating malaman na iniligtas tayo ng Diyos hindi lamang upang makatiyak na hindi mapupunta sa impiyerno. Iniligtas tayo upang mamuhay para sa kanya, para sa kanyang karangalan.
  - Dito sa Aralin 2, ang pangunahing tanong na sasagutin natin ay: Paano natin ipapamuhay ang isang buhay na nakalulugod sa Diyos?

**1. Pamumuhay ayon sa nais ng Diyos ang ating pagkakatawag**

- Nakita natin noong nakaraang aralin na dati ang pamumuhay natin ay buhay na ipinamumuhay para sa sarili at hindi para sa Diyos. Ngayong tayo ay Cristiano na, malaking pagbabago ang nangyari (maaaring tingnan ang 2 Corinto 5:17). Hindi na para sa sarili, kundi para sa Diyos.
- Ang ating kaligtasan ay hindi lamang parang isang "fire insurance." *We are saved not just **from** the wrath of God, but **in order that** we might live for the glory of God.* Hindi lamang tayo iniligtas ng Diyos upang makatakas sa parusa ng Kanyang galit, kundi upang mabigyan natin ng karangalan ang Diyos at mamuhay ng isang bagong buhay. Tinawag tayo ng Diyos…
  1. Upang ipahayag ang kapurihan ng Diyos. [Basahin ang *1 Pedro 2:9*]. Hindi na tayo nabubuhay para sa sarili kundi para sa Diyos.
  2. Upang maging banal at walang kapintasan. [Basahin ang *Efeso 1:4*]. Hindi na tayo nabubuhay para sa kasalanan kundi sa kabanalan.
  3. Upang gumawa ng mabuti. [Basahin ang *Efeso 2:10*]. Ang ginagawa natin ay hindi na dahil sa makasariling nais kundi ayon sa paggawa ng mabuti na disenyo ng Diyos para sa atin.
- Tanong: *Kung ang kalagayan natin dati na hiwalay kay Cristo ay mga patay at alipin ng kasalanan, paano ngayon tayo makapapamuhay nang nakalulugod sa Diyos?* Noong tayo'y bumaling kay Cristo, may sinimulang gawin ang Diyos para linisin tayo unti-unti sa ating mga kasalanan, upang magpatuloy tayo na humiwalay sa kasalanan. [Basahin ang 1 Cor. 6:11; 2 Cor. 5:17]. Hindi

lamang niya tayo tinapalan ng "Band-Aid" kundi unti-unti niyang ginagamot ang ating mga sugat.

- Sa sarili natin mahirap ito, ngunit dahil sa bagong buhay na bigay sa atin ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritung kumikilos sa atin, makaaasa tayo sa Diyos na siya ang magpapatuloy ng gawang ito sa buhay natin. Tingnan natin ang ilang mga katangian ng bagong buhay na ito na makatutulong sa ating makapamuhay nang nakalulugod sa Diyos...

## 2. Tatlong katangian ng ating bagong buhay kay Cristo

### *a. Bagong kalikasan at bagong pananaw.*

- Tanong: *<u>Ayon sa Roma 8:5-8, ano ang malaking pagkakaiba ng isang Cristiano at hindi Cristiano?</u>* [Basahin ang <u>Roma 8:5-8</u>. Hintayin ang sagot.] Ipinapakita ng katagang "ayon sa" (*according to*) na ginamit ni Pablo upang ipakita ang pagkakaiba ng namumuhay sa kasalanan at sa Espiritu ay nagpapakita ng pangunahing sinusunod ng tao o umaaakay sa tao. Ayon sa verse 7, hindi natin kayang sundin ang Diyos dahil sa kalikasan natin na makasalanan. Ngunit nagbago na iyon. Nasa atin na ang Espiritu, mayroon na tayong pusong naghahangad para sa Diyos.
- Tanong: *<u>Bakit mahalagang maunawaan na tayo'y mayroon nang bagong kalikasan at pananaw?</u>* [Hintayin ang sagot.] Ang pagsunod natin ay hindi na batay sa obligasyon o takot kundi sa pag-ibig sa Diyos at sa kanyang mga salita.

### *b. Patay na at pinalaya mula sa kasalanan*

- Kung dati tayo ay mga patay at alipin ng kasalanan, hindi na iyan ang nagsasalarawan sa atin.
- [Basahin ang <u>Roma 6:1-2, 6-7</u>.] Kung tayo ay nakipag-isa na kay Cristo (nagsisisi at nananampalataya), napasaatin na ang resulta ng kanyang kamatayan sa krus - nang siya ay mamatay ang ating dating pagkatao ay namatay na rin na kasama niya. Kung magpapatuloy sa pagkakasala, kontra ito sa realidad na ngayon ay nasa atin na.
- Tanong: *<u>Ano ang resulta ng kamatayan ng ating dating pagkatao?</u>* [Hintayin ang sagot.] Ang resulta nito ay kalayaan mula sa kasalanan. Hindi na kasalanan ang "panginoon" o kumokontrol sa atin. Nasa atin na ang Espiritu Santo na umaakay sa atin sa landas na nais ng Diyos para sa atin.
- Tanong: *<u>Sinasabi ba ni Pablo na hindi tayo nagkakasala dahil tayo'y Cristiano na?</u>* [Hintayin ang sagot.] Hindi! Sa Roma 7 nga ay binanggit niya ang kanyang sariling pakikibaka sa kasalanan. Ang tinatanong niya sa talatang binasa natin ay "*Patuloy* ba tayong magkakasala…?" at hindi "Magkakasala pa ba tayo?" Kung nagkakasala tayo, hindi na tulad ng dati na ang kasalanan ang kumokontrol sa atin, kundi ang Espiritung nagdadala sa atin tungo sa pagsisisi at pagbabago.

***c. Ang Espiritu laban sa laman (makasalanang pagkatao)***

- **Tayo ay nasa isang espirituwal na labanan.** Bagamat tayo ay may bagong buhay na, nananatili pa rin ang kasalanang lumalaban. Hindi pa tayo ganap na banal. Nariyan pa rin ang presensiya ng kasalanan. *Paano nangyayari ang digmaang ito laban sa kasalanan?*
- [Basahin ang Galacia 5:17-18.] Ang Espiritu ngayon ang may hawak ng buhay mo dahil nagapi na ni Cristo ang kasalanan, ngunit nariyan pa rin ang kasalanan at pilit na lumalaban tulad ng isang "guerilla warfare" (John Piper). Araw-araw itong naghihintay ng pagkakataon. Kung dati alipin tayo ng kasalanan, ngayon alam na nating ito ay kasalanang dapat nating labanan at pagtagumpayan.

**3. Pamumuhay ayon sa nais ng Diyos - isang panawagan na kumilos**

- Batay sa mga mga nauna na nating tinalakaw, *Ang buhay Cristiano ba ay isang laro na pinapanood lang?* Bakit o bakit hindi? [Hintayin ang mga sagot.] Bagamat alam nating ang ating kaligtasan ay gawa ng Diyos mula simula hanggang wakas, hindi ito nangangahulugang nakaupo lang tayo, nanonood at hinihintay kung ano ang mangyayari. May mga kailangan tayong gawin. Ang Diyos ang bumabago ngunit may dapat tayong gawin bilang paraan na gagamitin ng Diyos upang baguhin tayo.

***a. Ituon ang isip sa mga bagay na makalangit*** (*Colosas 3:1-4*)

- [Basahin ang Colosas 3:1-4.] Sa verse 1 ay makikita ang katotohanan ng ating bagong buhay kay Cristo. Pagkatapos nito ay nagbigay siya ng tatlong tagubilin kung paano ipamumuhay ang bagong buhay na ito. Ang una ay ituon ang isip sa mga bagay na makalangit, o mga bagay tungkol sa Diyos (vv. 1-2). Na ito ang hahanapin o hahangarin natin. Mayroon tayong responsibilidad na ibaling ang ating isip mula sa mga marurumi at hindi espirituwal na bagay tungo sa mga maka-Diyos na kaisipan. Roma 12:2, "Be transformed by *the renewing of your minds*."
- Ngayon, Paano natin pag-iibayuhin ang isang kaisipang nakatuon sa Diyos? Pakinggan natin ang tagubilin ni Pablo sa *Filipos 4:8-9* [Basahin.] Una, tayo ay dapat magbulay-bulay sa Salita ng Diyos (v. 8). Ibaling ang isip mula sa mga negatibo at walang kabuluhang bagay tungo sa mga bagay na may malaking pakinabang. Isipin natin kung paano ipinahayag ng Diyos ang kanyang sarili, ang kanyang plano at ang buhay na dapat nating ipamuhay. Ikalawa, tayo ay dapat sumunod sa Salita ng Diyos (v. 9). Ang pagsunod ay pagpapakita na tayo ay tunay na nagtitiwala sa Diyos. Habang tayo ay sumusunod din naman, lalo ding tumitibay ang ating pananampalataya.

***b. Patayin ang LAHAT ng ayon sa makasalanang pagkatao*** (*3:5-9*)

- Sa verse 5 ay hinikayat tayo ni Pablo na "patayin" (sa MBB, "dapat nang mawala") ang kasalanan sa buhay natin. Patuloy nating ipamuhay ang

katotohanang nasa atin na (patay sa kasalanan at banal). Kung lalong namamatay ang kasalanan sa atin, lalo tayong nagiging kawangis ni Cristo. Sa *Ang Biblia*, "Patayin ninyo ang *anumang* makalupa na nasa inyo." Hindi tayo dapat namimili kung ano ang kasalanang puwede nating balewalain. **Lahat** ay dapat labanan at patayin.

- <u>Paano natin ito gagawin?</u>
  1. <u>Alamin ang mga natitirang kasalanan (gaano man kaliit!)</u>. Hayaang ipakita ng Espiritu at ng Salita ng Diyos kung anu-ano ito. Maaaring ipanalangin ang Awit 139:23-24 ("Search me, O God…"). Tingnan ang mga lista sa Col. 3 at Gal. 5 at suriin ang iyong buhay sa salamin ng Salita ng Diyos. Alamin kung anu-ano sa mga ito nasa buhay mo.
  2. <u>Idalangin ang pagpapalaya ng Diyos mula dito (*deliverance*)</u>. Magtiwala sa gagawin ng Diyos, sa pagpapalaya ng Diyos. Huwag manangan sa sariling lakas. Magtiwala sa Diyos. Ngunit may kailangan ka ring gawin habang nagtitiwala sa Diyos...
  3. <u>Gutumin (*starve*) ang "dating pagkatao"… araw-araw</u>. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin nito? [Hintayin ang sagot.] Huwag mong pagbibigyan ang kasalanan. Ang tao kapag gutom at pinakain, mabubusog. Ang kasalanan, hangga't pinapakain, lalong nagugutom. Ang pakikibaka ay araw-araw. Luke 9:23, take up your cross *daily*.

***c. Bihisan ang sarili ng mga katangiang tulad ni Cristo*** (*Col. 3:12-14*)

- [Basahin ang verses 12-14.] Tanong: <u>*Anong katangian ang nagbibigkis sa lahat ng mga ito (v. 14)?*</u> Bakit? [Hintayin ang sagot.] Pag-ibig, dahil ito ang nagbibigkis sa lahat para maging isa (unity). Sa pag-ibig umaapaw o umaagos ang mga katangiang nabanggit. Kung wala ito ay pakitang-tao lang ang mabuting gawa o katangian.
- <u>Paano natin bibihisan ang sarili natin ng mga *Christ-like virtues*?</u>
  1. <u>Pagbulayan ang ebanghelyo (*gospel*)</u>. Isipin mo kung anu-anong katangian ang ipinakita ng Diyos sa pagliligtas sa atin. Ito rin ang nais niyang magkaroon tayo. Ang pag-ibig ang dakilang pundasyon ng ebanghelyo (Gal. 2:20). "Preach the gospel to yourself everday" (Jerry Bridges).
  2. <u>Ilapat ang ebanghelyo sa iba't ibang sitwasyon o relasyon sa buhay</u>. Kung anong pag-ibig ang ipinakita ni Cristo, ganoon din ang ipakita natin sa ibang tao. [Basahin ang 1 Juan 3:16.]

**Application:** Ibahagi ang isang kasalanan na nais ng Diyos na pagtagumpayan mo. Ano ang gagawin mo upang labanan ito?

**Assignment:** Isaulo ang Galacia 2:20. Basahin ang notes ng Aralin 3. Basahin ang mga talatang nakasulat. Sagutan ang mga tanong.

Aralin 3

# PAKIKINIG SA DIYOS

**Panimula**

- [Maaaring itanong kung anu-ano ang natutunan sa nakaraang dalawang aralin.]
- Batay sa pamagat ng araling ito, may dalawang katotohanang dapat isaalang-alang**:**
  - **Nagsasalita** ang Diyos
  - **Nakikinig** tayo
- Layunin ng pag-aaral na ito na matulungan kayong maunawaan kung ano ang pangunahing paraan ng pakikipag-usap ng Diyos sa atin. Bilang mga Cristiano, dapat nating maunawaan kung ano ang kalooban niya. Mangyayari ito kung malalaman natin kung paano siya nakikipag-usap sa atin. Dahil diyan, titingnan natin ang Awit 19.

## 1. Nagsasalita ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Nilikha

- Mahahati ang Awit 19 sa 3 bahagi. Ang una ay ang verses 1-6 [basahin nang sabay]. Nagsasalita ang Diyos sa pamamagitan ng nilikha. **Tanong:** *Anu-anong salita ang ginamit dito upang ipakita na ang nilikha ay may sinasabi tungkol sa Diyos?* [Hintayin ang sagot.] "Ipinapahayag…ipinapakita…pahayag…tinig…balita…" Sa ganda ng nilikha ay ipinapahayag nito kung sino ang Maylikha sa lahat ng ito.
- *Ano ang ipinapahayag ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Nilikha?*
  - Mayroong **Maylikha.** Kung pagmamasdan mabuti ang lahat ng bagay sa daigdig at sa kalawakan, hindi maikakaila na mayroong Diyos na lumikha ng lahat ng ito. [Basahin ang Roma 1:18-20.] Sinabi ni Pablo na ang nilikha ay patunay na hindi maaaring mamuhay ang tao na para bang walang Diyos. Nakalulungkot na sa halip na sambahin ang Diyos ay sinasamba pa ng tao ang nilikha (v. 23). Parang isang asawa na mas minamahal ang wedding ring kaysa sa asawa, ito ay kahangalan!
  - Ang mga nilikha ng Diyos ay nagpapakita na Siya ay: [hayaang sumagot]
    - Isaias 40:25-26: **banal (walang katulad) at makapangyarihan**
    - Isaias 40:28: **marunong** ("sa isipan niya'y walang makakaunawa")
    - Awit 145:9, 15-16: **mabuti/sagana sa pagbibigay**
  - Tayo'y mga **nilikha.** Hindi tayo ang lumikha. Tayo ay isa rin sa mga nilikha. Dahil diyan, nasa ilalim tayong lahat ng Diyos. Nakadepende tayo sa kanya. Mamumuhay tayo nang hindi hiwalay sa kanyang pangunguna.

- *Kung titingnan mong mabuti ang sinasabi ng awit, ano sa tingin mo ang reaksiyon niya o tugon niya sa mga nilikha ng Diyos?* [Hintayin ang sagot.] Namamangha siya sa Diyos na lumikha nito. Naroon ang pagpupuri at pagsamba.
- [Ipabasa] Buod: Ang pahayag ng Diyos sa kalikasan (*natural revelation*) ay nagpapakita sa lahat na mayroong Diyos na dapat sambahin at walang maaaring idahilan ang tao sa Diyos (*no excuse*).

## 2. Nagsasalita ang Diyos sa pamamagitan ng Bibliya

- Gaano man kaganda ang nilikha ng Diyos, hindi ito sapat upang ipahayag ang lahat ng nais ng Diyos kung ikukumpara sa mga salita niya na nakasulat sa Bibliya. [Basahin ang verses 7-11.] Ang tinutukoy ni David dito ay ang Kautusan ng Diyos, ang ibinigay niya kay Moises (Exo. 31:18). Wala pang Bagong Tipan [kung kailangan, ipaliwanag sandali ang Luma at Bagong Tipan] noong panahong ito. Ipinahayag ng Diyos ang kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang Salita, at ang kanyang Salita ay perpekto o ganap.
- **Tanong:** Anu-ano pang katangian ng Salita ng Diyos ang makikita natin sa verses 7-8? [Hintayin ang sagot.] Dahil sa mga iyan, napakahalaga nito (v. 10).
- *Bakit napakahalaga ng Salita ng Diyos (Bibliya)?*
  - Nagdudulot ito ng mas malinaw at malalim na **pagkakakilala sa Diyos**. [Basahin ang Kawikaan 2:1-5.]
  - Nagbibigay ito ng **babala** (Awit 19:11a). Ito ang gabay natin upang makaiwas sa masama at sa kapahamakan sa mga susuway.
  - Nagdudulot ito ng **gantimpala** sa mga sumusunod (Awit 19:11b). [Magsabi ng isang personal na karanasan kung saan nakita mo ang gantimpala ng Diyos sa iyong pagsunod.]
- [Ipabasa] Buod: Ang Salita ng Diyos, na nasusulat sa Bibliya, ay ang ganap (*perfect*) at pangunahing paraan ng Kanyang direktang pakikipag-ugnayan sa atin.

## 3. Ang tamang tugon sa mga sinasabi ng Diyos

- [Basahin ang verses 12-14]. **Tanong:** Ano ang naging tugon ni David sa pahayag ng Diyos sa kanyang Nilikha at sa kanyang Salita? [Hintayin ang sagot.] Nagpakababa siya. Nagkaroon ng pagsisiyasat ng sarili. Nakita ang kanyang kasalanan sa Diyos. Nagsisi at humiling na maging matuwid (isip at salitang nakalulugod sa Diyos).
- ***Ang mga biblikal na prinsipyong itinuturo ng Awit 19***
  1. Ang kaluwalhatian, kadakilaan, kapangyarihan, at kapamahalaan ng Diyos ay kitang-kita ng lahat sa pamamagitan ng ipinapahayag ng Diyos sa Kanyang Nilikha (*natural revelation*).

2. Ang Bibliya (ang Kasulatan) ay ang hindi magkakamali at hindi mababaling Salita ng Diyos (*special revelation*) na nagpapahayag ng Kanyang mga kautusang dapat sundin ng tao at nagbibigay ng buhay sa sinumang tutupad sa Kanyang mga salita.
3. Ang nararapat na tugon ng tao sa pahayag ng Diyos, sa kalikasan at sa Bibliya, ay ang mababang-loob na pagsisisi at pananampalataya.

**4. Ano naman ang sinasabi ng Bagong Tipan ukol sa Kasulatan?**

- Bago umakyat si Jesus sa langit, nangako siyang sa pamamagitan ng Espiritu ay ipapahayag sa mga apostol ang katotohanan tungkol sa kanilang nakita at narinig kay Cristo. Ito ang Bagong Tipan. [Basahin ang 2 Timoteo 3:14-17.]
- **Tanong:** *Saan nanggaling ang Kasulatan (Bibliya)? Tingnan din ang 2 Pedro 1:20-21. Ano ang implikasyon nito sa pagbabasa natin ng Bibliya?* Ito ay "kinasihan ng Diyos" (v. 16). Literally, "God-breathed." Galing sa Diyos. "Lahat," buong Luma at Bagong Tipan. Dapat nating basahin ang lahat ng bahagi nito na para bang ang Diyos ang kumakausap sa atin.
- **Tanong:** *Ano ang layunin ng Kasulatan?*
  - **Nagtuturo ng daan ng kaligtasan** (*vv. 14-15*). Itinuturo tayo nito tungo sa pangangailangan natin ng Tagapagligtas, ipinapakilala sa atin si Cristo, at kung paano makipagkasundo sa Diyos.
  - **Naghahanda sa paggawa natin ng mabuti** (*vv. 16-17*). Kaya naman napaka-praktikal ng aklat na ito na dapat nating aralin.

**Pangwakas**

1. Ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa atin sa pamamagitan ng kanyang Nilikha (*natural revelation*) at lalung-lalo na sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ang Bibliya (*special revelation*).
2. Ipinapahayag ng Nilikha ang mga katangian ng Diyos.
3. Ipinapahayag ng Bibliya na Siya'y marapat lamang na mamahala ng ating buhay, na tayo'y nararapat lamang na parusahan dahil sa pagsuway natin, at si Jesus lamang ang daan upang tayo ay maligtas mula sa hatol ng Diyos.
4. Itinuturo sa atin at sinasanay tayo ng Bibliya kung paano mamuhay nang naaayon sa nais ng Diyos at nakalulugod sa Kanya.

**Application:** Ano ang nakita mo ngayong kahalagahan ng pagbabasa at pag-aaral ng Bibliya? Anong oras ang ilalaan mo bawat araw sa pagbabasa nito? [Maaaring bigyan ng Bible Reading Plan at Quiet Time Guide.]

**Assignment:** Isaulo ang 2 Timoteo 3:16-17. Basahin ang mga notes ng Aralin 4. Basahin ang mga kaugnay na talata sa Bibliya. Sagutan ang mga tanong na kayang sagutan.

## Aralin 4
# PAKIKIPAG-USAP SA DIYOS

- [I-review ang nakaraang lesson.] Hindi lamang ang Diyos ang nakikipag-usap sa atin at tayo ay makikinig sa kanya. Nais din niyang tayo ay makipag-usap sa kanya. Ang tawag dito ay panalangin.

**1. Ano ang panalangin?**

- [Tingnan kung ano ang sagot ng estudyante sa tanong na ito.]
- *"Prayer is an offering up of our desires unto God for things agreeable to His will, in the name of Christ, with confession of our sins and thankful acknowledgement of His mercies."* (Westminster Catechism)
- Ang panalangin ay ang intensiyonal na pakikipag-usap sa Diyos.

**2. Bakit tayo dapat manalangin?**

- Dahil ito ay **iniutos** ng Diyos. Ang utos ng Diyos ay nagpapakita ng kanyang puso o nais para sa kanyang mga anak. Ito ang gusto ng Diyos na gawin natin. Kaya susundin natin dahil magiging daan para mas maging malapit tayo sa Diyos. Colosas 4:2 - magpakasigasig sa panalangin; 1 Tesalonica 5:17 - laging manalangin; Lucas 18:1 - manalangin lagi at huwag mawalan ng pag-asa.
- Dahil ito ay likas na **tugon** o **ginagawa** ng mga tunay na anak ng Diyos. Ang aklat ng *Mga Awit* ay puno ng iba't ibang klaseng panalangin para sa Diyos. Makikita ang puso ni Pablo sa panalangin sa halos lahat ng kanyang mga sulat. Nakita rin ng mga alagad na likas sa Panginoong Jesus ang makipag-usap sa Ama, kaya nga naitanong nila, "Panginoon, turuan po ninyo kaming manalangin…" (Lucas 11:1).

**3. Ano ang dapat nating ipananalangin?** (*Lucas 11:1-4*)

- Magandang halimbawa ang pinakita ni Jesus sa kanyang mga tagasunod (v. 1), 'di tulad ng mga Pariseong pakitang tao ang panalangin. Sa vv. 2-4 ay itinuro niya kung ano ang dapat sabihin sa panalangin, kilala ito bilang "The Lord's Prayer." [Puwede ring ikumpara sa version sa Mateo 6:9-13.]
- *Ama… Anong itinuturo ng isang salitang ito tungkol sa panalangin?* [Hintayin ang sagot.] Itinuturo nito ang tungkol sa Diyos at kanyang relasyon sa atin. Una, ang tawag "Ama" ay nagpapahayag ng **authority** (awtoridad o kapangyarihan. Siya ang lumikha ng lahat. Nasa ilalim niya tayo. Sa kanya tayo nakadepende sa panalangin, tulad ng isang bata sa kanyang magulang. Ikalawa, **intimacy**. Sa pamamagitan ng panalangin nagiging malapit ang

relasyon natin sa Diyos.

- *Sambahin nawa ang iyong pangalan…* Una sa panalangin hindi ang sarili nating kahilingan, kundi ang karangalan ng Diyos. Ang una nating concern ay ang makita ng maraming tayo kung sino ang Diyos. Ipinapaalala nito sa atin na Diyos ang kausap natin, hindi isang tao lang.
- *Nawa'y maghari ka sa amin…* Pangunahin sa panalangin ang mga layunin ng Diyos, hindi ang sarili natin. Kalooban niya ang gusto niyang masunod. Ito ang panalangin natin para sa sarili natin at para sa ibang tao, lalo na sa mga hindi pa nakakakilala kay Cristo. Ipanalangin ang pagdating ng Hari.
- *Bigyan mo kami ng aming kakainin sa araw-araw…* Ipinapakita rito ang paghiling sa araw-araw nating kailangan. Araw-araw din ang pagtitiwala sa Diyos. Na ibigay ang sapat para magpatuloy ang buhay natin, at hindi naman sobra-sobra na hindi na tayo lalapit sa kanya. Paghiling ito sa pisikal at espirituwal na pangangailangan natin.
- *Patawarin mo kami sa aming mga kasalanan…* Araw-araw pa rin tayong nagkakasala, kaya araw-araw din tayong hihiling ng paglilinis ng Diyos. Sa kanya tayo unang-una hihingi ng tawad bago sa ibang tao. Ang pagpapatawad din natin sa iba ay pagpapakita ng sincerity natin sa paghingi ng tawad sa Diyos. Siyasatin at alamin ang mga kasalanan sa Diyos.
- *Huwag mo kaming hayaang matukso…* Mahina tayo laban sa tukso. Hihilingin natin ang pagkilos ng Espiritu laban sa masamang nasa puso natin at sa masamang tumutukso sa atin para magkasala sa Diyos.

***Mga prinsipyong dapat tandaan sa pananalangin:***

1. Ang panalangin ay pakikipag-ugnayan (*communion*) sa Diyos, sa Diyos na namamahala (*authority*) sa atin at Siya ring nais mapalapit sa atin (*intimacy*).
2. Itong ay dapat isagawa na pangunahin sa puso at isip ang karangalan ng Diyos at ang Kanyang mga layunin.
3. Ito ay pagpapahayag ng ating pananangan (*dependence*) sa Diyos at pagtitiwala na tutugunan Niya ang lahat ng ating pangangailangan at iingatan tayo sa lahat ng masama.
4. Ito ay dapat isagawa nang may kababaan ng loob, na kinikilala ang ating pangangailangan ng Kanyang pagpapatawad at biyaya.

Sa personal na panalangin, puwedeng gamiting ang A-C-T-S:

- *Adoration* - pagpapahayag ng pagsamba, pagtataas pangalan ng Diyos
- *Confession* - pagkilala sa iyong kasalanan at paghingi ng tawad sa Diyos
- *Thanksgiving* - pasasalamat sa Diyos sa kanyang pagkilos sa buhay mo
- *Supplication* - paghiling sa Diyos sa pangangailangang materyal at espirituwal

**4. Paano tayo dapat manalangin?** *(Lucas 11:5-13)*

- *Ano ang itinuturo ng talinghaga sa verses 5-8 tungkol sa kung paano tayo dapat lumapit sa Diyos sa panalangin?* [Hintayin ang sagot.] Na

magpakababa tayo at maging matiyaga sa paglapit at paghiling sa Diyos. Na hindi tumigil hangga't hindi sumasagot ang Diyos, maliban na lang kung malinaw na na hindi kalooban ng Diyos ang hinihingi.

- *Ano ang pangako sa verses 9-10?* [Hintayin ang sagot.] Ipinapangako ng Diyos na ibibigay niya lahat ng kailangan natin, lalo na kung hihilingin natin ito sa kanya nang may pagtitiyaga at paghihintay sa sagot ng Diyos.
- *Ibig sabihin ba nito na ibibigay ng Diyos sa atin ang lahat ng gusto natin?* Hindi! Sabi sa Santiago 4:2 na hindi tayo binibigyan ng Diyos kasi hindi naman tayo humihingi. Sa v. 3 naman, kung humihingi naman ay mali ang motibo sa paghingi kaya hindi sinasagot ng Diyos. Sa 1 Juan 5:14, ang pangakong ibibigay niya anumang hilingin natin ay may kundisyon: "ayon sa kanyang kalooban." Mas interesado ang Diyos sa puso natin at relasyon natin sa kanya kaysa sa mga bagay na ibinibigay niya sa atin.
- *Ano ang itinuturo ng talinghagang ito tungkol sa katangian at hangarin ng Diyos (tingnan ang verses 11-13)?* Na hindi tayo dapat mag-alinlangan sa pangako ng Diyos. Higit pa ang pag-ibig niya (God's character) kaysa sarili nating magulang. Ibibigay niya (God's desire) lahat ng kailangan natin na makakabuti sa atin at makapagbibigay karangalan sa kanya bilang ating Ama.
- *Anong kaloob (gift) ang dapat nating pahalagahan nang higit sa lahat (verse 13)?* Nagkakaloob ang Diyos ng mabubuting bagay sa atin. Pero higit na mainam sa lahat ang Banal na Espiritu na ibinigay niya sa atin. Dahil sa Espiritu, nasa atin ang presensiya mismo ng Diyos. Ang Espiritu ang nagbibigay ng buhay, lakas, dunong, katiyakan, kapayapaan, at kagalakan sa atin. Pinakamainam na regalo ng Diyos ay ang kanyang sarili sa atin.

**Pangwakas**

Ang panalangin ay isang pribilehiyo kung saan nakikipagtagpo tayo sa nag-iisa at natatanging banal na Diyos. Sa halimbawa ni Jesus, natutunan nating ang panalangin ay sa ating Ama natin babanggitin. Dapat nating bigyan ng papuri at karangalan ang ating Panginoon sa paglapit natin sa Kanya, na hinahanap ang Kanyang ganap na kalooban at hindi ang sa sarili natin. Sa talinghagang itinuro ni Jesus nakita natin na makalalapit tayo nang may kalayaan at lakas ng loob sa Diyos. At sa ating paglapit, dapat tayong maging matiyaga sa paghingi, paghahanap, at pagkatok sa Diyos dahil sasagutin Niya ang ating mga panalangin. Tumutugon Siya hindi dahil napipilit natin Siya kundi dahil Siya ang mahabaging Ama na nagnanais ibigay sa Kanyang mga anak ang mga pinakamainam na bagay. At ang pinakamainam sa lahat ay ang ipagkaloob Niya ang Kanyang sarili sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

[Bago ang assignment, kumustahin ang personal Quiet Time.] **Assignment:** Isaulo ang Lucas 11:9-10. Basahin ang mga notes ng Aralin 5. Basahin ang mga kaugnay na talata sa Bibliya. Sagutan ang mga tanong na kayang sagutan.

Aralin 5

# KAUGNAYAN SA PAMILYA NG DIYOS (ANG IGLESIA)

**Panimula**

- *Ano ang unang pumapasok sa isip mo kapag naririnig mo ang salitang "church" o "iglesia"? Bakit?* [Hintayin ang sagot.] Iba-ibang images ang pumapasok sa isip ng mga tao kapag "church" ang pinag-uusapan. May mga positibo, meron din namang mga negatibo. Pero ngayon, titingnan natin kung ano talaga ang itinuturo ng Biblia tungkol dito at ang kahalagan nito sa buhay Cristiano.

**1. Ano ang iglesia?**

a. Mga larawan ng iglesia sa Bagong Tipan

- **Isang gusaling itinatayo**. Hindi "church building" kundi yung mga taong kabilang dito na dumaraan sa proseso ng paghuhubog ng Diyos. [Basahin ang 1 Corinto 3:9.]
- **Isang katawan**. Sa Roma 12:4-5, makikitang bawat Cristiano ay bahagi ng isang katawan. Mahalaga ang bawat bahagi. Kailangan natin ang bawat isa.
- **Isang pamilya**. Ang church ay hindi lugar kung saan tayo nagkikita-kita. Isa itong pamilyang sama-sama para sa isang layunin. [Basahin ang 1 Tim. 3:15.]

b. Pangkalahatang Iglesia at Lokal na Iglesia (*Universal vs Local*)

- Ang pangkalahatang iglesia ay komunidad ng lahat ng tunay na mananampalataya sa Diyos (Lumang Tipan) at tagasunod ni Cristo (Bagong Tipan) sa lahat ng panahon.
- Ang lokal na iglesia ay visible expression ng Church dahil nagpapakita ito ng commitment ng mga Cristiano sa isang lugar sa ilang panahon upang magsama-sama bilang isang pamilya ng Diyos (tulad ng BBCC).

**2. Mga Katangian ng lokal na iglesia**

- Pagtuturo ng Salita ng Diyos. *Nanatili sila sa itinuro ng mga apostol…*(v. 42).
  - Ang mga apostol ang nagtuturo sa kanila tungkol kay Cristo at kung paanong ang Lumang Tipan ay nagsasalita patungkol sa kanya. Kinikilala ng mga Cristiano ang authority ng mga apostol. Pundasyon ng iglesia ang Salita ng Diyos. Kaya nga kailangan itong ituro (2 Tim. 4:2).
  - Ang Salita ng Diyos ang **naglalapit** sa atin sa Diyos (2 Tim. 3:14-15)
  - Ito rin ang **nag-iingat** sa atin sa mga maling turo at kasalanan at nag-aakay at **nagsasanay** sa atin sa daan na dapat nating lakaran (3:16-17).
  - Sa church, pinag-aaralan, ipinapaliwanag at hinahamon ang bawat isa na isabuhay ang Salita ng Diyos.

- Pagtutulungan bilang isang komunidad ng mga mananampalataya. *Nagsasama-sama ang lahat ng sumasampalataya at ang kanilang mga ari-arian ay para sa kanilang lahat. Ipinagbibili nila ang kanilang mga ari-arian at ang napagbilhan ay ipinamamahagi sa bawat isa ayon sa kanyang pangangailangan.* (vv. 44-45)
  - Ang "pagsasama-sama" sa v. 42 ay "fellowship" (Gk. *koinonia*). Hindi lang ito pakikipagsosyalan o pakikipagkaibigan. Higit pa dun. Parang isang pamilya. Ang sa akin ay sa iyo din. Kung may kailangan ang iba, tutulungan. May responsibilidad tayo sa isa't isa. Kailangan natin ang isa't isa.
  - Bakit ganito sa church? Kasi meron tayong common spiritual relationships - relasyon kay Cristo at pagiging miyembro ng pamilya ng Diyos. Kahit magkakaiba ng personalities, edad, edukasyon, katayuan sa lipunan, at family background.
  - Paano natin mapagyayaman ang ganitong relasyon? Sa pamamagitan ng...

- Pagpapatuloy sa pagsasama-sama (*fellowship*). *Nanatili sila…sa pagsasama-sama bilang magkakapatid…Araw-araw, sila'y nagkakatipon sa Templo, masayang nagpipira-piraso ng tinapay sa kanilang mga tahanan, at may malinis na kalooban.* (vv. 42, 46)
  - Saan sila nagkikita-kita? Sa Templo at sa kani-kanilang bahay. [Ipaliwanag ang ginagawa sa regular meetings ng church tulad ng Sunday Worship at Prayer Meeting. Ipakilala din ang Kaagapay Groups at anong ginagawa dito. Hikayatin sila kung bakit ito mahalaga. Magbigay ng patotoo.]
  - Gaano kadalas? Araw-araw! Kailangan regular ang pakikisama sa pamilya. Kung bihirang magkita-kita ang mga miyembro ng isang pamilya, ano sa tingin mo ang mangyayari sa relasyon nila? Mabuti ba o hindi?
  - Napakainam ipakita ang "hospitality" sa mga kapatid kay Cristo!

- Banal na Hapunan at Bautismo. *Nanatili sila…sa pagpipira-piraso ng tinapay* (v. 42)
  - Ano ang "pagpipira-piraso ng tinapay"? Maaaring tumukoy ito sa Banal na Hapunan na itinagubilin ng Panginoong Jesus bago siya mamatay (Luc. 22:14-23). Once a month ito ginagawa sa BBCC. Sa pamamagitan nito ipinapaalala sa atin kung sino ang nagbubuklod sa atin bilang isang pamilya - si Cristo at ang ginawa niya sa krus para sa atin. Para itong salu-salo ng magkakapamilya.
  - Bukod dito, kasama din ang bautismo sa ordinansang iniwan ni Jesus (Mat. 28:19-20). Minsanan ito para sa mga Cristiano na.

- Panalangin. *Nanatili sila…sa pananalangin* (v. 42)
  - Ipinapakita sa panalangin na nakadepende tayo sa Diyos bilang isang pamilya sa lahat ng kailangan para mabuhay bilang mga tapat na tagasunod ni Cristo. Makapangyarihan ang panalangin nang sama-sama (Gawa 4:31).
  - Halimbawa: Sunday Worship, Prayer Meetings, Retreats at sa K-Groups.

- <u>Nakikitang pagkilos ng Espiritu. *Dahil sa maraming himala at kababalaghang nagagawa sa pamamagitan ng mga apostol, naghari sa lahat ang takot.* (v. 43)</u>
  - Ito ay malinaw na gawa ng Banal na Espiritu. Noong nakaraang aralin, nakita nating ang Espiritung nasa atin ang isang marka ng tunay na Cristiano. Ganoon din sa pagsasama-sama ng pamilya ng Diyos. Kumikilos ang Espiritu para baguhin tayo na maging kawangis ni Cristo, para maging banal ang iglesia. Hindi naman ibig sabihing dapat laging mag-expect ng mga di pangkaraniwang pangyayari. Kumikilos ang Diyos maging sa mga ordinary.

- <u>Pagpapahayag ng ebanghelyo. *At bawat araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga inililigtas.* (v. 47)</u>
  - Dahil kumikilos ang Espiritu, maraming tao ang naliligtas sa pamamagitan ng iglesia na sama-sama sa pag-abot sa di pa ligtas.
  - Ginagawa natin ito sa pamamagitan ng "The Harvest." Pag-aaralan natin ito sa susunod.

**<u>3. Bakit mahalaga sa isang Cristiano ang "commitment" sa isang lokal na iglesia (tulad ng BBCC)?</u>**

- <u>Ito ay tagubilin ng Diyos sa atin.</u> [Basahin ang Hebreo 10:24-25.] Masasabi mo bang Cristiano ka tapos ayaw mo namang makisama sa ibang Cristiano? Ano ang masasabi mo sa isang taong nagsasabing Cristiano siya pero ayaw namang makibahagi sa isang church?

- <u>Sa isang lokal na iglesia nakikita at napa-uunlad ng isang Cristiano ang bunga ng Espiritu sa kanyang buhay at ang kanyang pag-ibig sa ibang mga Cristiano ("one another" commands).</u> [Basahin ang Galacia 5:22-23 at Juan 13:34-35.] Makikita natin ang bunga ng ating pananampalataya (pag-ibig sa Diyos at sa kapwa) kung tayo ay kabilang sa isang church.

- <u>Kailangan ito ng isang Cristiano sa kanyang paglagong espirituwal at sa kanyang pakikipaglaban sa kasalanan.</u> [Basahin ang Efeso 4:11-14.] Kung bahagi ka ng isang iglesia, may katuwang ka para masanay at lumago sa paglilingkod sa Diyos. Hindi mo kaya nang nag-iisa.

**Application:** <u>*Nais mo na bang magpabautismo at maging miyembro ng iglesia?*</u> Kung oo, bakit? [Anyayahang dumalo sa seminar na pinamagatang "*Welcome to the Family*: A Class on Baptism and Membership."] Kung hindi, ano'ng dahilan?

**Assignment:** Isaulo ang Hebreo 10:24-25. Basahin ang mga notes ng Aralin 6. Basahin ang mga kaugnay na talata sa Bibliya. Sagutan ang mga tanong na kayang sagutan.

# Aralin 6
# KAUGNAYAN SA SANLIBUTAN

**Panimula**

- [Review past lessons.] Pag-aaralan natin ngayon ay ang relasyon natin sa sanlibutan o sa mundo o sa mga taong hindi pa tagasunod ni Jesus.
- Sa ating kaugnayan sa "sanlibutan" dapat nating tandaan na tayo ay:
  - ☐ Nasa sanlibutan ngunit hindi taga-sanlibutan. [Basahin ang Juan 17:11, 14.] Ang mundo o sanlibutan na tinutukoy dito ay ang tinitirhan natin ngayon. Narito tayo kasama ang mga di pa tagasunod ni Cristo pero hindi tayo tagarito. Nasa mundo pero hindi makamundo. Ito ay dahil tayo ay…
  - ☐ Kabilang na sa kaharian ng Diyos. Iba na ang ating *allegiance* o *loyalty*. Mga bagay na na may kinalaman sa Diyos at kanyang layunin. Bahagi tayo nito at may gagawin para maisulong ito sa lahat ng dako ng mundo hanggang bumalik si Cristo at lubos na makita ang paghahari ng Diyos. Bago dumating yun, tayo ay…
  - ☐ Hinuhubog ayon sa larawan ni Cristo. Dati katulad tayo ng sanlibutan, pero ibinukod tayo ng Diyos. [Basahin ang Roma 12:1-2.] Nagiging tulad na tayo ni Cristo. [Basahin ang Roma 8:29; 12:2.]
  - ☐ Dahil tayo'y kabilang sa kaharian ng Diyos, *hindi lamang tayo taga-tanggap* ng mga biyaya at gantimpalang kasama dito, ngunit *tayo rin ay aktibong nakikibahagi* sa pagsulong ng kaharian at layunin ng Diyos dito sa sanlibutan sa pamamagitan ng (1) matuwid na pamumuhay at (2) pagbabahagi ng Mabuting Balita sa mga hindi pa kabilang sa kaharian ng Diyos.

## 1. Pamumuhay nang tapat at matuwid

- Mahalagang tanungin natin ang sarili natin: *Paano ako mamumuhay nang may katapatan bilang saksi ni Cristo sa pamamagitan ng aking…*
  - ☐ ***Mga salita****?* (kung ano ang sinasabi at kung paano ito sinasabi). Anu-ano ang hindi dapat na marinig sa atin (Efeso 4:25, 29, 31; 5:4)? [Hintayin ang sagot.] Maaring sagot ay kasinungalingan, masamang salita, pambubulyaw, paninira sa kapwa, malalaswa, walang kabuluhang usapan at masasamang biro.
  - ☐ Ano ang dapat na makitang katangian sa ating pananalita? [Hintayin ang sagot.] Maaring sagot ay pagsasabi ng totoo, salitang makabubuti at angkop sa sitwasyon, pasasalamat sa Diyos. Kung ano ang sinasabi at paano ito sinasabi ay dapat iba sa mga di sumusunod kay Jesus. Nakikita ba sa iyong salita na ikaw ay iba dahil tagasunod ka ni Jesus?

- ***Mga gawa**? Ano ang maaaring maging negatibong resulta ng mga gawa nating hindi matuwid (Tito 2:3-5)?* [Hintayin ang sagot.] Mapipintasan ang salita ng Diyos na ibinabahagi natin sa kanila. Hindi makikita ang kapangyarihan ng salita ng Diyos na bumago sa buhay ng isang tao.
- *Ano naman ang maaaring maging positibong resulta ng mga gawa nating matuwid* (Tito 2:9-10)? [Hintayin ang sagot.] Maganda ang masasabi nila tungkol sa Diyos at sa kanyang salita. Mapararangalan ang Diyos at makikita ang kanyang kapangyarihang bumago ng buhay.

- ***Hanapbuhay o Pag-aaral** (vocation)?* Anu-ano ang maaaring paraan upang makapagbigay tayo nang karangalan sa Diyos at magandang patotoo sa mga hindi Cristiano sa ating pag-aaral o trabaho? [Hintayin ang sagot.] Ginagawa ang lahat ng makakaya. Productive. Excellent. Gawang hindi pakitang-tao. Masipag at huwaran sa ibang empleyado o estudyante.
- [Basahin ang Mateo 5:16.]

## 2. Pagbabahagi ng Mabuting Balita (*evangelism*)

a. Ano ang "evangelism"? [Hintayin ang sagot.] Pagbabahagi ng mensahe ng ebanghelyo o Mabuting Balita ni Cristo sa ibang tao at ang panawagan sa kanila na magsisi sa kasalanan, magtiwala, at sumunod kay Cristo. ("evangel" - good news). Tama ngang kailangan nating maipakita sa buhay ang pagiging tagasunod ni Cristo pero kahit makita nila ang pagbabago sa atin, hindi pa iyon evangelism hangga't hindi natin nasasabi kung ano ang Gospel.

b. Bakit *dapat* nating ibahagi ang Mabuting Balita sa iba?
   - Ito ay **utos** na dapat sundin. [Basahin ang Mateo 28:18-20.] Ayon dito, ang evangelism ba ay gawain ng ilan? Hindi! Utos ito sa lahat ng Cristiano. Ginagawa lang ba ito ng mga naunang Cristiano? Hindi! Hanggang ngayon, hanggang di pa bumabalik si Cristo. Ito ay sa lahat ng Cristiano sa lahat ng panahon.
   - Isinasagawa ng Diyos ang kanyang **plano o layunin** sa pamamagitan nito. [Basahin ang Roma 10:13-15.] Ayon dito, anong paraan ang sa tingin mo ay gagamitin ng Diyos para maligtas ang mga mahal mo sa buhay? Sa pamamagitan mo at ng pagbabahagi mo ng Salita ng Diyos sa kanila.
   - Ipinapakita nito ang pag-ibig at awa na nakay Cristo. [Basahin ang Mateo 9:36.] Ano ang pagtingin ni Jesus sa mga taong naliligaw ng landas? Paano tayo magiging katulad ni Jesus? Magkaroon din tayo dapat ng kahabagan sa iba na walang pag-asa maliban kay Cristo. Tayo na tumanggap ng awa ay nais ng Diyos na ibahagi din natin ito sa iba.
   - Ito ay katibayan ng ating pag-ibig sa Diyos. [Basahin ang Juan 14:15.] Kung iniibig natin ang Diyos at ang Panginoong Jesus, gagawin natin ang lahat para maipakilala siya sa iba, kasi ito naman ang gusto niyang mangyari.

c. Kung ito ay Mabuting Balita, bakit ang hirap ibahagi nito sa iba? Dahil sa…

- Takot sa **tao**. Takot na mareject ng family. Takot na mapahiya at kung anu-ano ang sabihin ng ibang tao. Takot na mawalan ng mga kaibigan.
- Takot dahil kulang ang **kaalaman o kakayahan**. Sa tingin ng iba hindi nila alam kung ano ang dapat sabihin. Kulang daw sila sa training o pagsasanay. Hindi nila alam ang gagawin. Natatakot na kapag may itinanong hindi nila masagot.
- Masyadong **busy at walang concern sa iba**. Pinakaseryoso itong problema. Wala nang oras sa ibang tao kasi ang daming pinagkakaabalahan sa buhay. Misplaced priorities.
- *Alin sa tatlong ito ang makakahadlang sa iyo para ibahagi ang ebanghelyo?*

d. Mga mahahalagang bagay na dapat tandaan sa pagbabahagi ng Mabuting Balita

- Ang katapatan sa pagbabahagi ay may kinalaman sa **nilalaman ng mensahe**. Wag mag-focus sa mga techniques o methods. Kundi sa laman ng mensahe. Makakatulong ang gospel tract na *Wag Sayangin ang Buhay!*
- Ang **patotoo mo**, bagamat mahalaga, ay hindi "evangelism." Makakatulong kung sabihin kung paano ka nailigtas ng Diyos. Pero dapat sabihin mo rin kung paano maliligtas ang kaibigan mong di pa Cristiano.
- Mahalaga ang iyong pamumuhay. Powerful ang mensahe ng Salita ng Diyos na nanggagaling sa isang taong namumuhay ayon sa Salita ng Diyos. Lalo na kung makikita ito ng mga kasama mo sa bahay.
- Ang pagbabago ng puso ng isang tao ay gawa ng **Diyos.** Hindi mo kayang baguhin ang puso ng tao. Gawa iyon ng Diyos. Ang responsibilidad natin ay maging tapat sa pagbabahagi. Ipaubaya natin sa Diyos ang resulta. Ipanalanging mabuti.

**Application:** e. Mga praktikal na hakbang na dapat isaalang-alang upang maging tapat tayo sa pagbabahagi ng Mabuting Balita

- Maging pamilyar sa laman ng gospel tract na *'Wag Sayangin ang Buhay!* at sa anim na aralin ng *Following Jesus.*
- Dumalo ng mga pagsasanay tungkol sa evangelism (*The Harvest*).
- Ipanalangin sa Diyos ang mga oportunidad na makapagbahagi sa mga kaibigan, kapamilya, kamag-anak, kaklase, o kasamahan sa trabaho.
- Maging matiyaga at huwag kaagad panghihinaan ng loob.

**Assignment:** Ipanalangin araw-araw sa loob ng isang buwan ang kaibigan o kapamilya na di pa tagasunod ni Jesus. Isaulo ang Mateo 28:18-20. Basahin ang mga notes ng Aralin 7. Basahin ang mga kaugnay na talata sa Bibliya. Sagutan ang mga tanong na kayang sagutan.

Aralin 7

# PAMUMUHAY NA PUNO NG PAG-ASA

- *Mayroon na bang nagtanong sa iyo tungkol sa dahilan ng "pag-asa" na nasa iyo dahil nakita niya ang isang pagbabago sa buhay mo? Paano mo ito ipinaliwanag?* [Hintayin ang sagot.] Ayon kay Pedro sa 1 Pedro 3:15 na dapat ay nakahanda tayong sumagot kung magtanong sila tungkol sa "pag-asa" na meron tayo. Magtatanong sila kasi kung totoong Cristiano tayo, may mapapansin ang mga kasama mo sa bahay o trabaho na kakaiba at pagbabago sa buhay mo. Kung paano tayo mamuhay ay magpapakita kung anong klaseng pag-asa meron tayo. Ito ang pag-aaralan natin ngayon.

1. **Ano ang pag-asang Cristiano?** Ang pag-asang Cristiano ay *hindi…*

- Pansamantala. Hindi lang ito pag-asa sa buhay na ito tulad ng meron ang mga di Cristiano. Kapag pansamantala lang, makamundong pag-asa yun. Ayon kay Pablo, kung sa buhay lang na ito meron tayong pag-asa kay Cristo, tayo na ang pinakakawawa sa mundo (1 Cor. 15:19). Pero hindi! Ang pag-asa natin ay hanggang sa kabilang-buhay.
- Positibong pananaw na walang katiyakan. Hindi rin ito nakabatay sa pag-iisip lang ng magandang bagay, paniniwala na may Diyos at buhay na walang hanggan na wala namang basehan. Ang kumpiyansa natin ay hindi sa iniisip o emosyon natin kundi sa Salita ng Diyos.
- Pakikipagsapalaran. Sasabihin ng iba, wala namang mawawala kung maniniwala ka na may kabilang-buhay at may Diyos. "Bahala na," sabi ng iba. Pakikipagsapalaran yun. Ang pag-asa natin may basehan.

- 1 Corinto 15:19, "Kung ang pag-asa natin kay Cristo ay para lamang sa buhay na ito, tayo na ang pinakakawawa sa lahat ng tao." *Bakit sa tingin mo nasabi ni Pablo na "pinakakawawa" ang mga Cristiano kung hindi totoo o walang basehan ang pag-asa natin?* [Hintayin ang sagot.]

Ang pag-asang Cristiano ay…

- Nananabik na katiyakan na ang mga pangako ng Diyos ay totoo.

- Hindi matitinag na katiyakan ng ating kaligtasan batay kay Cristo at sa kanyang ginawa para sa atin.

**2. Ang batayan ng pag-asang Cristiano**. *Paanong ang pag-asang Cristiano ay isang nananabik at hindi matitinag na katiyakan kay Cristo?* Dahil sa...

a. ***Mga pangako ng Diyos na nakasentro kay Cristo***. Nakaugat sa mga pangako ng Diyos ang pag-asa natin. Meron tayong buong aklat (Bibliya) na nagsasabi ng mga pangako ng Diyos. Kung anong sabihin niya, yun ang matutupad. Nakita na natin ang katapatan niya sa mga pangako, ito rin ang magbibigay katiyakan sa atin sa mga pangakong tutuparin pa niya.

- Ang pangako ng kaligtasan ay tinupad ng Diyos kay Cristo (Isa. 53). Buong Kasulatan ay patungo kay Cristo. Tinupad niya ang kailangan sa Kautusan ng Diyos. Ang mga propesiya ay siya rin ang katuparan. [Maaaring basahin ang ilang talata sa Isa. 53 na nakita ang katuparan kay Jesus.]
- Si Cristo'y namatay, muling nabuhay, at ngayo'y tagumpay na naghahari (1 Cor. 15:17). Makatitiyak tayong totoo ang pangako ng Diyos na buhay na walang hanggan dahil sa ginawa na ni Cristo para sa atin. [Tingnan ang 1 Cor. 15:17 kung ano ang sinasabi nito sa pananampalataya natin at laban sa kasalanan dahil nabuhay si Cristo.]

b. ***Biyaya (grace) ng Diyos***. Ito ang pangalawang batayan. Kung nangako nga ang Diyos ng buhay na walang hanggan tapos hahayaan naman niya tayong pagsikapan iyon at wala ang biyaya niya para tulungan tayong manatiling tapat sa kanya hanggang wakas, hindi rin natin kaya. Kailangan natin ang biyaya ng Diyos.

- Basahin ang Filipos 1:6 at 1 Corinto 15:10. *Paano mo makikita rito ang biyaya ng Diyos? Paano ito nagbibigay ng pag-asa sa atin sa araw-araw?* [Hintayin ang sagot.] Ang Diyos ang nagsimula ng ating kaligtasan, siya rin ang tatapos nito. Hindi sa atin nakadepende kundi sa kanyang kapangyarihan. Magsisikap tayong sumunod, pero anumang pagkukulang natin ay alam nating ang Diyos ang magbibigay ng lakas sa atin upang hindi tayo mawalan ng pag-asa.
- *"If God were not a gracious God, we would have no hope. We could cross our fingers. We could have strong desires and wishes. We could even perhaps decide, by sheer dint of will-power, to be positive thinkers and thus make the best of our brief and uncertain lives. But there could be no talk of moral certainty about good things in the future. There could be no confident expectation that all things will work out in a wonderfully happy way for us." - John Piper. Ano ang pagkaintindi mo sa sinasabi ni John Piper?* [Hintayin ang sagot.] Ang pag-asa natin ay nakatali sa pagiging "sovereign" at "gracious" ng ating Diyos. Nais niya ang para sa ating ikabubuti at titiyakin niyang walang makahahadlang para mangyari o matupad ang kanyang plano.

**3. Mga aspeto ng pag-asang Cristiano.** Bago natin tingnan ang ilan sa mga aspeto ng pag-asang Cristiano, palagi nating ilagay sa isip natin na sa buhay na ito, kahit tayo'y mga Cristiano na, ay:

- Nagkakasala pa rin tayo. Nakita na natin sa Aralin 2 na ang katayuan natin sa harapan ng Diyos ay matuwid dahil sa pakikipag-isa natin kay Cristo. Nakikita tayo ng Diyos na banal at walang kapintasan dahil sa ginawa ni Cristo. Pero nagkakasala pa rin tayo. We still struggle with sins. Dahil dito,
- Nararanasan pa rin natin ang mga sakit at hirap. Ito ang mga consequences ng kasalanan, hindi man sa sarili nating kasalanan, kundi dahil narito pa tayo sa mundong puno ng kasalanan. Hindi dahil nakay Cristo na tayo [tulad ng itinuturo ng ilan] ay hindi na natin mararanasan ang hirap ng buhay. Sa katunayan ipinangako pa nga ni Jesus na mas mahihirapan tayo dahil salungat na tayo sa takbo ng mundo.
- Darating din ang kamatayan (malibang bumalik si Cristo habang buhay pa tayo). Hindi natin ito matatakasan. May katapusan ang lahat ng bagay sa mundo - relasyon sa ibang tao, mga kayamanan, ating katawan, at pati mundong ginagawalawan natin.
- *Bakit mahalaga na ilagay natin sa isip natin ang mga ito?* [Hintayin ang sagot.] Sa pamamagitan nito, iniingatan tayong masyadong mag-expect sa buhay ngayon at palakasin ang pananabik natin sa hinaharap.

*Anu-ano ang dapat nating asahan sa hinaharap?*

a. Pagkabuhay na muli / pagbabalik ni Cristo (1 Cor. 15; 1 Tes. 4:13-18). Malinaw sa 1 Cor. 15 na dahil nabuhay si Cristo, tayo rin ay muling-bubuhayin kahit na tayo'y mamatay. Sa kanyang pagbabalik, ang ating espiritu ay muling isasama sa ating binagong katawan. Napagtagumpayan na ni Jesus ang kamatayan! [Basahin ang 1 Cor. 15:54.] At hindi lang iyon, maaari ring hindi na tayo mamatay physically kung maabutan tayong buhay sa pagbabalik ng Panginoon. Malaking encouragement ito, di ba? [Basahin ang 1 Tes. 4:13-18.]

b. Ganap na katuwiran / wala nang kasalanan (Ef. 1:4; Col. 1:28; Fil. 3:12). Itinuturo sa Ef. 1:4 na pinili tayo ng Diyos na makipag-isa kay Cristo upang maging banal at walang kapintasan. Mangyayari ito sa kabilang-buhay at magiging ganap sa pagbabalik ni Jesus. Ito ay regalo sa atin ng Diyos, hindi natin ito pinagtrabahuhan. Kahit pa ngayon ay may struggles pa tayo sa kasalanan, we must look forward to that Day! Na wala nang kasalanan, at dahil wala nang kasalanan sa atin, kasama nito ang…

c. Kawalan ng sakit at paghihirap (Pah. 21:4). [Basahin ang Pah. 21:4.] Dahil wala nang kasalanan, wala na rin ang epekto nito sa atin. Mararanasan natin ang buhay ayon sa orihinal na disenyo ng Diyos. Kung ngayon, may pag-iyak pa, darating ang araw puro kagalakan na ang mararamdaman natin. Ibang-iba ito sa buhay natin ngayon. Hindi ba't nakakasabik na isipin yun!?

d. <u>Ang walang-hanggang presensiya ng Diyos (Pah. 22:4; 1 Tes. 4:17)</u>. [Basahin ang Pah. 22:3-5 at 1 Tes. 4:17.] Ito ang pinakamahalaga sa lahat. Ang langit ay hindi langit kung wala ang Diyos. Ang buhay ay hindi ganap kung wala ang Diyos. Makikita natin nang harapan ang Diyos, makakasama araw at gabi. Wala nang mas masaya pa kaysa diyan. Bakit nga ba natin ipagpapalit ang ganitong pag-asa sa mga bagay sa mundo na pansamantala lang? Sa gayong mararanasan natin ang walang-hanggang kaligayahan sa piling ng ating Panginoon.

**<u>4. Mga praktikal na paglalapat sa pamumuhay</u>.**

- Sa 2 Pedro 3, itinuturo doon na darating ang araw na babaguhin ng Panginoon ang langit at lupa sa kanyang pagbabalik. At ang tanong sa v. 11, "Anong klaseng pamumuhay ngayon ang gagawin natin?" Hindi ba't puno dapat ng kabanalan at pagiging maka-Diyos? Kaya nga <u>ang pag-asang ito ay makatutulong upang tayo ay…</u>

a. <u>Magtagumpay laban sa tukso.</u> [Basahin ang 1 Pedro 5:8-10.] *Ayon dito, paano natin mapagtatagumpayan ang mga tukso ng Kaaway na magkasala tayo o bumagsak ang ating pananampalataya?* [Hintayin ang sagot.] Kung alam natin ang mga pangako ng Diyos at ang buhay na darating para sa mga tapat na tagasunod ni Cristo, ang focus natin hindi na "dito sa mundo at ngayon" kundi "doon sa langit at sa hinaharap." Alam nating pansamantala lang ang mga tukso at pagsubok.

b. <u>Mamuhay nang nagtitiwala sa Diyos at naglilingkod para sa kanyang karangalan</u>. [Basahin ang Hebreo 11:13-16.] Ipinapakita dito na ang mga taong nagtitiwala sa Diyos ay nakatingin sa mundong ito na pansamantala lang at may permanente silang tirahan sa langit. *Paano sa tingin ninyo makakatulong ito sa attitude natin tungkol sa oras, pera, at katawan natin?* [Hintayin ang sagot.] Ginagamit na ito para sa Diyos hindi para sa sarili, para mapalawak ang kanyang kaharian, hindi magpayaman lang.

c. <u>Maging mapagtiis</u>. Minsan kapag mabibigat ang pagsubok sa buhay, parang nawawalan ng pag-asa. Kapag walang nangyayari sa ipinapanalangin, parang pinanghihinaan ng loob. Pero ang kumpiyansa natin ay nasa kakayahan ng Diyos na gawin ang kagustuhan niya (*sovereignty*) at sa natapos nang ginawa ni Cristo sa krus. [Basahin ang Rom 8:28-39.]

**Application:** *Anong mabigat na pagsubok ang pinagdadaanan mo ngayon ang nakapagpapahina ng loob mo?* [Hintayin ang sagot.] *Paano nakatulong ang araling ito na harapin mo ang kabigatang iyan?* [Hintayin ang sagot at ipanalangin.]

**Assignment:** Isaulo ang Roma 8:28 at Filipos 1:6.

**FIRST STEPS**

A Study on Basic Discipleship

June 2011

**BALIWAG BIBLE CHRISTIAN CHURCH**

*We exist to build local and global GRACE-communities of committed followers of Christ for the glory of God.*

085 Vergel de Dios St., Concepcion, Baliwag, Bulacan 3006 Philippines

044.766.0747/0922.8102281 http://pastorderick.wordpress.com